



HEALTH ADVISORY, SPARE THE AIR ALERT

PARA SA AGARANG PAGPAPALABAS: Oktubre 13, 2017

KONTAKIN ANG: Media Office - 415.749.4900

MGA KONTAK KAPAG SABADO AT LINGGO:

Kristine Roselius

415.519.5419

Lisa Fasano


415.710.3505

Epektibo hanggang linggo ang Health Advisory & Spare the Air Alerts

Ang usok mula sa sunog sa North Bay ay magkakaroon ng malaking epekto sa rehiyon

SAN FRANCISCO – Patuloy na hindi magiging malusog ang kalidad ng hangin sa Bay Area, lalo na sa mga lugar ng Napa, Sonoma at Solano na lubos na naapektuhan ng sunog. Ang usok na dulot ng apoy ay umabot na sa South Bay at ang kalidad ng hangin ay magiging unpredictable at maaapektuhan nito ang Bay Area hanggang sa linggo.

Dahil sa napakalaking sunog at pabago-bagong ihip ng hangin, maaaring maapektuhan nito ang kalidad ng hangin sa mga darating na araw. Ipinapakita ng mga graphic sa ibaba ang forecast ng usok sa buong linggo:



Ang mga tao sa lugar ng naapektuhan ng sunog na kailangang manatili sa kanilang lugar ay pinapayuhang gumamit ng N95 mask para makatulong mapigilang makalanhap ng malilit na particle. Ang Air District ay maghahatid ng kabuuang 40,000 N95 masks sa mga lugar na naapektuhan ng sunog. Ang mga mask ay naipadala o ipapadala sa mga lugar ng Sonoma, Napa, Solano at Marin at sa mga evacuation shelter.

Ang N95 masks, kapag naisuot ng maayos, ay makakatulong na ma-filter ang mga pinong particle sa napakalaking usok. Dapat maingat na basahin at sundin ng mga user ang direksyon ng manufacturer kapag gagamitin ang N95 mask para masulit ang kakayahan nito.

Mahalagang protektahan ng mga naninirahan sa Bay Area ang kanilang kalusugan, lalo na ang mga nasa lugar ng Napa, Sonoma at Solano. Kung maaari, inirerekomenda na **ang mga residente na naapektuhan ng napakalaking usok ay pumunta sa mga gusali na mayroong filtered air tulad ng mga pampublikong library**

at mga shopping mall O lumipat sa mga rehiyon na hindi masyadong naapektuhan ng napakalaking usok hanggang mawala ito.

Sa iba pang bahagi ng Bay Area, dapat protektahan ng mga residente ang kanilang sarili mula sa epekto ng malaking usok. Kapag ang mga residente ay nakakita o nakaamoy ng usok sa kanilang lugar, dapat silang lumabas, kung maaari, isara ang mga bintana at pinto at mga air condition para maiwasan ang pagbuga ng hangin sa mga gusali. Ang mga bata, matatanda na mayroong problema sa baga tulad ng hika, COPD, emphysema at sakit sa puso ang lubos na naapektuhan.

Para matingnan ang oras-oras na kalidad ng hangin, bisitahin ang <https://go.usa.gov/xnxJE>.

Dahil sa seryosong kondisyon sa kalidad ng hangin sa bahagi ng Bay Area, nakikiusap kami sa mga residente na iwasang makadagdag sa polusyon sa hangin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga bagay na nakaka-polusyon sa hangin tulad ng pagsusunog ng kahoy, pagla-lawn mowing at pagbubuga sa mga dahon, pagmamaneho, at pag-iihaw.

Para sa impormasyon tungkol sa ligtas na paglilinis ng mga abo, bisitahin ang: <https://www.arb.ca.gov/carpa/toolkit/emerg-response/safe-cleanup-fire-ash.pdf>.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ang pang-rehiyong ahensya na responsable sa pag-protekta sa kalidad ng hangin sa siyam-na-county Bay Area. Kumonekta sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Air District Homepage](#) | [News Releases](#)